

1

“Whew! Thank You, Lord!”

Pagod at stressed si Maureen nang sa wakas ay lumapag ang eroplano na kanyang sinasakyan sa *Mactan International Airport* sa Cebu bago mag-alas-doce ng tanghali galing *NAIA*.

Alas cinco y media ng umaga ay nasa domestic terminal na siya sa Pasay City para sana sa kanyang 8:45 a.m. scheduled flight bound for Tagbilaran sa lalawigan ng Bohol. Akala niya at ng iba pang pasahero na delayed lamang nang kaunti ang dating ng eroplano na maghahatid sa kanila hanggang sa ianunsyo ng airline company na kanselado ang lahat ng flights patungo o galing sa nasabing paliparan nang walang konkretong paliwanag.

Kinailangan pa niyang makiusap upang mabigyan siya ng upuan sa kanilang 10:25 a.m. flight patungong Cebu kaya heto siya. One down and four more transfers to go para marating ang *Sky Deck Camp Ground and Restaurant* na matatagpuan sa bulubunduking bahagi ng lungsod ng Guindulman, sa hilagang Bohol. Kailangan niyang maabutan ang 1:15 p.m. schedule ng fast craft ferry para maabutan

naman ang 4:00 p.m. last trip na bus paakyat sa bundok.

Paglabas sa arrival area, tumigil sa taxi bay si Maureen upang mag-abang ng masasakyan. Sinuwerte naman na may parating na taxi kaya pinara niya iyon at binuksan ang pinto ng passenger's seat para lang madismaya nang maunahan siya ng isang lalaking matangkad, matangos ang ilong at may Mediterranean features.

Hindi niya naiwasan ang mainis. "Excuse me, Sir, taxi ko ito," nakapameywang na sita niya sa ngayon ay nakaupo na lalaki sa loob ng sasakyan.

"Anong taxi mo? Ilang minuto na akong nakatayo bago ka pa dumating 'tapos ngayon sasabihin mong taxi mo ito? Dapat siguro bumili ka ng salamin para sa susunod ay malinaw na 'yang paningin mo, Miss!" maangas na sagot nito.

Sa kagustuhan na makasakay ay naghanap siya ng kakampi sa katauhan ng driver. "Manong, di ba ako naman talaga ang naunang pumara? Napakayabang lang ng mukhang manyakis na 'yan na akala mo kung sino."

"Pasensya na, Ma'am, pero si Sir talaga ang unang pumara. Mag-abang na lang po kayo ng ibang

taxi na dadaan,” magalang na sagot ng driver kahit hirap ito sa pagsagot sa salitang Tagalog.

“Gan’un po ba? Sige po, pasensya na sa abala.” Nabigo man na makakuha ng simpatiya ay ipinagkibit-balikat na lang niya iyon, pero inirapan ni Maureen ang lalaki na nakatingin lamang sa kanya habang isinasara ang pinto ng sasakyan.

Akala ni Maureen ay tuloy-tuloy na ang kanyang kamalasan sa buong araw, pero kahit papaano ay hindi naman pala. Tamang-tama lang ang dating niya para maabutan ang barko. Kahit sinabi ng taong in-charge ng ticketing office na open air na lamang ang bakante at hindi iyon gaanong komportable ay binayaran niya ang upuan at patakbo na tinungo ang papaalis na barko matapos kumuha ng terminal fee at seat number.

Dalawang oras ang itinagal ng biyahe sa barko. Nang makalabas sa seaport ay sumakay siya ng tricycle papuntang terminal ng bus. Nakahinga siya nang maluwag nang kampante na siyang nakaupo sa loob ng sasakyan. Hindi naman pala pulos kamalasan ang kanyang araw. Ilang oras mula ngayon ay magkakausap na rin sila ng kanyang kasintahan.

Ipinikit ng dalaga ang kanyang mga mata nang mag-umpisang maglakbay ang bus, pero hindi naman siya makatulog. Minabuti niyang libangin ang sarili na pagmasdan ang tanawin na kanilang dinaanan lalo na ang malinaw at malawak na karagatan.

Dahil coastal area ang binabaybay ng ordinary bus, malaya niyang naamoy ang lahat mula sa labas at nagustuhan niya ang natural na amoy ng karagatan at ng hangin na dumadampi sa kanyang mukha. Iba ang hatid niyon sa kanya. Kung soul-searching lang sana ang ipinunta niya rito ay tiyak kita niya agad ang hinahanap kaso hindi. Ang soulmate niya ang kanyang pakay sa bulubunduking lugar na wala siyang ideya kung ano talaga ang mayroon doon.

Ini-recommend sa kanya at ng nobyo na si Raymond ang nasabing lugar ng kaibigan at blogger na si Chito Lakwatsero na nag-iikot sa mga tourists attractions sa buong Pilipinas para maibahagi sa mga kababayan sa pamamagitan ng blog nito kung paano bumiyahe at tuklasin ang naggagandahang tanawin sa bansa sa mura at masaya na paraan.

Ilang buwan ding pinlano ng magkatipan ang kanilang bakasyon sa Bohol at kasama nga sa itinerary nila ang *Sky Deck*. Pero nang malaman ni Raymond sa ibang tao ang plano ni Maureen

na bumalik sa Australia pansamantala bago ang napipinto nilang pagpapakasal ay bigla na lang itong hindi nagparamdam.

Hindi niya makontak ang nobyo sa dating cellphone number na ginagamit nito. Pati ang social media account nito ay hindi visible sa dalaga mula nang bumalik ito sa bansa may apat na araw na ang nakalipas. Kung hindi dahil kay Chito ay hindi pa niya malalaman na nasa *Sky Deck* na pala ang kasintahan kaya heto siya, sorpresang sinundan si Raymond para makapag-usap sila nang maayos at handa siya na kalimutan ang binabalak na pag-alis upang hindi ito tuluyang magalit sa kanya.

Ang sinabi sa kanya ng kaibigan ay dalawang oras ang biyahe ng bus mula sa siyudad, pero dahil nag-side trip ito nang cuarenta minutos sa kabilang baryo upang ihatid ang isang grupo ng mga pasahero na kararating galing Maynila ay natagalan sila hanggang naabutan ng malakas na ulan.

Narinig niya na may sinabi ang driver sa katabi niyang ale na *delikado* at *konsehala* lang ang tanging naintindihan ni Maureen.

“Ano po ang ibig sabihin ni Manong, Nanay?”

Madilim na ang paligid at hindi niya alam kung malapit na sila kaya hindi niya maiwasan ang mag-alala.

“Masyado daw madulas ang daan paakyat kaya hanggang sa may palengke lang itong bus,” sagot ng ale.

“Pa’no po ako makakarating sa *Sky Deck* sa ganitong oras kung gan’un? At gaano po kalayo mula sa palengke?” Pinipigil niya ang boses na pumiyok nang tanungin muli ang kausap. Naiiyak siya sa takot sa iniisip na puwedeng mangyari sa kanya.

“Ang alam ko ay mahigit isang oras ito inaakyat ng mga backpackers na trekking talaga ang sadya pero tuwing araw. May mga motorsiklo din na bumibiyahe nang isang oras din siguro ang kakailanganin kasi paikot-ikot ang kalsada papunta sa itaas, pero hindi ako sigurado ngayon dahil sa malakas na ulan.

“Gan’un po ba? Ang malas ko naman pala talaga sa araw na ito.” Hindi napigilan ni Maureen ang bumuntung-hininga dahil sa nadaramang awa sa sarili. Akala niya ay magiging maganda na ang takbo ng lahat bago matapos ang gabi.

“Subukan natin magtanong pagdating sa palengke pero kung wala talaga, p’wede kang magpalipas ng

gabi sa bahay. Huwag kang mag-alala, ako nga pala si Marcela at konsehala ng barangay. Kung gusto mo, magtanong ka sa ibang pasahero o sa driver kung talagang kilala nila ako.”

“Maraming salamat po, Nanay Marcela. Ako naman po si Maureen, taga-San Pedro, Laguna. Magtatanong po siguro muna ako pagdating sa palengke, baka sakali po na may pumayag dahil tumila na ang ulan. Pero kung wala po talaga, hindi ko po alam kung ano ang gagawin kung wala kayo.”

Gaya ng sinabi ng konsehala, wala ni kahit isang motorsiklong for hire o mas kilala sa salitang habal-habal nang marating nila ang palengke. Kaya kahit may kaunting pag-alinlangan ay sumama siya sa nagmagandang-loob na babae matapos masiguro sa ibang pasahero at ng driver ng bus na kilala nila ang may-edad at mabait na ale.

May katamtamang laki ang bahay nito katabi ng barangay hall. Nalaman ni Maureen na bagong biyuda at retired teacher pala ito. May dalawa itong anak na kapwa babae na kasalukuyang nagtatrabaho sa Dubai, kaya ang dalawang pamangkin na parehong babae rin at nag-aaral sa mataas na paaralan sa baryo ang tanging kasa-kasama nito.

Dala ng sobrang pagod sa katawan at isip ay

hindi nahirapan ang dalaga sa pagtulog ilang sandali lang matapos ang kanilang hapunan.

Nagulat siya nang magising kinabukasan dahil hindi niya narinig ang alarm sa kanyang cellphone.

“Magandang umaga po, Nanay Marcela. Pasensya na po kung naabala ko ang araw ninyo. Sa sobrang pagod ko sa biyahe kahapon ay hindi ko man lang narinig na tumunog ang alarm sa cellphone ko,” hinging-paumanhin niya sa konsehala.

“Magandang umaga din, Maureen. Huwag mong isipin na abala ka dahil hindi totoo ’yan. Kasiyahan namin ang tumulong sa nangangailangan. Siya, mag-almusal ka na kung gusto mong makarating sa bundok nang hindi pa masakit masyado sa balat ang sikat ng araw.”

Tatanggi pa sana ang dalaga pero may nakahain nang pagkain sa lamesa kaya umupo siya at kumain nang kaunti.

“Maraming-maraming salamat po, Nanay. Heto po ang limang daan, huwag sana ninyong isipin na bayad ito, pasasalamat ko po ito at sana magamit ninyo kahit sa dalawa ninyong pamangkin,” aniya, sabay abot ng pera.

“Huwag ka nang mag-abala, hija. Ibigay mo na

Not All Who Wander Are Lost - Sasha Margaux

lang 'yan sa mas higit na nangangailangan kaysa sa amin,” nakangiting sagot ng may-edad na biyuda.

“Maraming salamat po ulit. Hindi ko po kayo makakalimutan. So papa'no po, aalis na ako.”

“Sige, hija, mag-iingat ka palagi.”

2

Habang minamasdan ang bato-bato at madulas pa rin na kalsada paakyat sa bundok ay tinanong niya sa sarili kung ano nga ba ang mas nakakatakot, ang sumakay ng motorsiklo o ang maglakad paakyat sa matarik na lugar? Sinunod ni Maureen ang huli sa katuwiran na kontrolado niya ang sarili kung dumulas man siya habang umaakyat, samantalang sa motorsiklo ay wala siyang ibang pagpipilian kundi ang ipaubaya ang sariling buhay sa kamay ng driver. Ipinagdasal niya na sana maging maganda at positibo ang araw niya ngayon kumpara ng nagdaan, at higit sa lahat, sana ay madatnan niya ang kanyang nobyo sa *Sky Deck*.

Pakiramdam niya ay nagpang-abot ang kanyang tuhod at baba sa bawat hakbang para makarating sa pinakataas na bahagi ng lugar. Ang sinabi ng kanyang guide ay isang oras ang pinakamatagal upang marating ang tuktok, pero isa't kalahating oras na ang kanilang ginugol at lagpas kalahati pa lamang ang narating nila. Sobrang bagal kasi niya sa pag-akyat at laging nagrereklamo na magpahinga makalipas ang ilang hakbang.

Agad napalitan ng saya at excitement ang kanina ay gusto nang sumuko na dalaga nang sa wakas ay marating niya ang tuktok ng bundok. Sulit ang pagod sa kanyang kauna-unahang trekking at pansamantala niyang nakalimutan ang tunay na dahilan ng ipinunta niya sa lugar.

Nakakagaan ng pakiramdam ang ganda ng kalikasan. Ang karagatan, bulubundukin at malaking sakahan sa ibaba ay malayong-malayo sa normal na tanawin na nakikita niya araw-araw sa Laguna. Maging ang iba't ibang uri ng mga bulaklak at punong-kahoy sa palibot ay kaaya-ayang pagmasdan. Isa pa sa highlight ng lugar para kay Maureen ay ang magandang puwesto para mapagmasdan kahit sa malayo pero malinaw na imahe ng *Mount Hibok-Hibok*, *Vulcan*, *Timpoong*, *Butay* at *Guinsiliban* sa kalapit na lalawigan ng Camiguin.

Nasorpresa rin si Maureen sa dami ng turista sa itaas gayong wala siyang ibang nakasabayan na umakyat maliban sa kanyang guide. Nabanggit ng konsehala na may umaakyat dala ang kani-kanilang sariling sasakyan, pero na-underestimate niya yata ang lugar dahil hindi sumagi sa isip niya ang ganito kaganda at dami ng mga tumatangkilik dito.

Nalaman din niya mula sa waiter na mas kilala

Not All Who Wander Are Lost - Sasha Margaux

pala ang *Sky Deck* sa masarap at purong organic na mga pagkain mula sa prutas, gulay, karne, bigas at maging ang tilapia ay galing sa sariling palaisdaan ng restaurant. May espesyal ding inumin na patok sa panlasa ng mga dumadayo rito, ang lemongrass ginger tea.

Talagang kakaiba at bagong experience para kay Maureen ang hatid ng lugar na tila napamahal agad sa kanya.

Habang nakaupo sa restaurant ay hindi niya napansin ang pamilyar na mukha ng kanyang nobyo. Ayaw rin muna niyang magtanong sa reception na katabi lamang ng entrance ng restaurant kung may guest doon na Raymond Sanchez ang pangalan.

Umorder muna siya ng pananghalian. Ang napili niya ay ang isang specialty ng *Sky Deck*, ang native chicken halang-halang at isang kanin na sinamahan ng cold lemongrass ginger tea.

Masarap sana ang kanyang in-order kung mahilig lang siya sa maanghang na pagkain pero hindi. Dahil na-overwhelm siya masyado ay nakalimutan niyang sabihin sa waiter na kaunti lang dapat ang ilagay na sili.

Paunti-unti ang kanyang subo nang tumunog ang

kanyang cellphone.

“Kararating ko lang ngayon dito and the place is in the middle of nowhere, Jake. Sa tingin ko, may certain areas lang na may signal at wala ring Internet. Pakisabi na lang kay Mama na sa makalawa pa ang balik ko at kokontak agad ako sa kanya. Salamat, little bro. 'Bye.” Pinahid niya ang luha sa mga mata sa tindi ng anhang ng manok na kinain at alam niyang aakalain ng sinumang makakakita na umiiyak siya.

Matapos mahimasmasan sa nadamang anhang ay agad binayaran ni Maureen ang hindi naubos na pagkain at lumabas sa restaurant upang magbakasakali na makita ang sadyang ipinunta. Tinahak niya ang daan na may nakasulat na signage, *To the Flower Farm*.

Matapos ikutin ang buong lugar at hindi nakita ang presensya ng nobyo ay bumalik siya sa restaurant at bumili ng isang bote ng tubig habang nag-iisip kung paano at kanino siya magtatanong tungkol sa kanyang kasintahan. Tiningnan niya ang oras sa kanyang relo na pitong minuto na lamang bago mag-alas-cuatro ng hapon.

Lumapit siya sa reception desk para mag-check in at sinamantala na rin niya ang pagkakataon na makakuha ng impormasyon sa totoong pakay nang

hindi masyadong halata na may minamanmanan.

Matapos bayaran ang isang gabi na accommodation, kinausap niyang muli ang receptionist. “Itatanong ko na rin sana, may makakasama ba ako ngayong gabi sa camp ground?”

“Mayroon po, Ma’am. Pang-siyam po kayo as of this time,” magalang na sagot ng babae na may name tag na ‘Jenny’ sa suot na uniform.

“Mabuti naman kung gan’un. Akala ko mag-isa lang ako.” Dalangin niya na sana ay kusang magbigay ng impormasyon ang kausap tungkol sa iba pang guests na dininig naman.

“Bale pang-lima po kayo na single camper ’tapos may dalawang couple din po.”

“Gan’un ba? Madami pala talaga kayong guests dito araw-araw,” dagdag ni Maureen.

“Mas madami po pag ganitong weekend katulad ngayon. Apat sa makakasama ninyo ay pangalawang gabi na nila dito, ’tapos may isang guest din na babae na isang linggo na sa amin. Kaninang umaga naman, may tatlong nag-check out na puro couple. Isa ay galing Sweden at ’yong pangalawa ay galing France ’tapos ’yong pangatlo ay katulad ng sa atin. Kararating lang yata n’ong lalaki galing barko at malapit nang

ikasal. So hindi naman totally zero sa camp ground, pero mas marami kaming guests sa restaurant araw-araw.”

“Kilala na pala talaga ang lugar na ito kahit sa mga puti? Actually, ni-recommend ng mga kaibigan ko itong place. One is Chito and the other one is Raymond Sanchez ang pangalan, pero sa dami siguro ng nagpupunta sa inyo ay mahirap maalala ang pangalan ng mga guests.” Nanginginig ang kanyang mga tuhod sa sobrang kaba, pero pilit niyang kinalma ang sarili. Nagsinungaling siya sa kausap.

“May mangilan-ngilan pong backpackers na mga puti at mainly trekking at bird-watching ang sadya ng pag-akyat nila. Sa mga local na turista naman ay mostly ang pagkain ang ipinunta nila.”

Mukha namang walang nahalata si Jenny sa mga tanong niya habang may tinitingnan sa isang libro. “Raymond Sanchez po ba ’yong binanggit ninyo? Sila nga po ng girlfriend niya ang pangatlo sa nag-check out kaninang umaga. ’Tapos si Sir Chito, kilala naming lahat ’yon. Ang babait naman nila at ini-recommend pala ang *Sky Deck* sa mga kaibigan,” masaya at walang bahid ng pagdududa na sagot nito.

Bahagyang natigilan si Maureen nang marinig ang salitang ‘girlfriend’ matapos sabihin ng receptionist

Not All Who Wander Are Lost - Sasha Margaux

ang pangalan ni Raymond. Pero natauhan din agad siya. “Mababait talaga ang dalawang ’yon. Sayang nga lang at nahuli pala ako nang kaunti para maabutan si Raymond at ang girlfriend niya. Anyways, salamat, Jenny.”

Nilisan niya ang reception at pumasok ulit sa restaurant. Kailangan niyang umupo dahil kung hindi ay baka kung mapaano siya sa sobrang hilo at tila babaliktad ang kanyang sikmura sa nararamdaman. Naroon ang gusto niyang sumigaw para kahit papaano ay mailabas niya ang sama ng loob sa lalaki at may mga sandali ring gusto niyang umiyak, pero walang luha na lumabas mula sa kanyang mga mata.

Hindi alam ng dalaga kung paanong nangyari ang lahat, pero isang bagay lang ang malinaw sa kanya ngayon. Sinayang niya ang dalawang taon na pagtitiwala at pagmamahal sa ngayon ay dating kasintahan.

Sinabi niya sa sarili na hindi karapat-dapat na sayangin ang panahon sa pagiging malungkot kahit malinaw pa sa sikat ng araw na niloko siya ni Raymond. Huminga siya nang malalim at nang nakabawi na sa nararamdaman kanina ay bumalik siya sa reception.

Sinilip niya ang kanyang relo at nakitang alas

cinco y media na pala ng hapon. Nag-alala siya nang makita na tila bumababa ang langit. Ang kanina lang na magandang view sa ibaba at malawak na garden sa palibot ay hindi na makita ng mga taong naroroon dahil sa fog. Tila nakisama ang panahon sa tunay niyang nararamdaman.

Hindi siya nakatiis na tanungin ang receptionist. “Hi, Jenny! Normal lang ba ang ganito dito? I mean, ’yong fog.” Pilit niyang pinakaswal ang boses.

“Normal lang po ’yan dito tuwing dapit-hapon at sa umaga, Ma’am. Lalo na po ngayon dahil Disyembre.”

“Papa’no ’yong mga guests ninyo, hindi ba nababasa sa loob ng tent in case na umulan? Pasensya ka na kung madami akong tanong. First time ko kasi mag-camping,” nahihiyang paumanhin niya.

“Okay lang po. Hindi naman nababasa dahil matitibay ang mga tents, pero kung hindi po kayo komportable, may mga beds naman sa bungalow na inilaan ng may-ari pag halimbawa biglang sumama ang panahon.”

“Ah, okay. Maraming salamat ulit.”

“Walang anuman po. Ito nga po pala ang set ng tent n’yo at kung sakaling mahihirapan kayo sa

pagtatayo, may staff po na nakaantabay sa area para mag-assist sa inyo.” Iniabot nito sa kanya ang three-color camping tent na halatang bagong laba dahil sa suwabeng amoy ng fabric conditioner.

“Salamat. Isa na lang, hanggang anong oras open dito sa reception?” Gusto niyang makatiyak kung saan tutungo halimbawa na may gusto pa siyang itanong.

“Hanggang alas-diez ng gabi po, pero in case na may mga concerns po kayo after ten, may security guard po sa entrance ng camp ground at may staff pa rin po na on standby sakaling may kailangan po kayo. Siyanga po pala, may pa-barbecue sa ground ng seven thirty baka gusto n’yo po sumali. Three hundred fifty pesos po per person including one drink of your choice na po ’yon,” nakangiting paliwanag ni Jenny sa dalaga.

“Gan’un ba? Pag-iisipan ko at babalik din agad dito pagkatapos kong maitayo itong tent ko. Salamat nga pala sa imbitasyon.” Nakampante ang pakiramdam ni Maureen nang malaman na may bungalow rin pala kung sakali na tuloy-tuloy ang pagiging makulimlim ng panahon at baka bumuhos ang malakas na ulan. Bitbit ang kanyang tent ay nagtungo na siya sa camping ground.

Unang napansin niya ang ilang guests na

naghahakot ng mga tuyong kahoy na mukhang gagamitin para sa campfire. Binati pa siya ng mga ito na tinugon din ng dalaga. Dumiretso siya sa gawi ng camping ground na may ibang tents na nakatayo at sa parehong distansya mula sa pinakahuli ay ibinaba niya ang dalang mga gamit.

Inumpisahan na niyang itayo ang magiging tulugan niya. Kahit malamig na ang simoy ng hangin ay pinagpapawisan siya. Gusto niyang umiyak dahil nahihirapan siyang itayo ang kanyang tent. Pakiramdam niya ay nagmumukha siyang tanga sa paningin ng ibang campers. Naramdaman niya ang pagiging outcast sa lugar at gusto niyang sisihin ang dating kasintahan sa sitwasyon niya ngayon.

“Hi! Kailangan mo ng tulong?” Nagulat si Maureen nang bigla na lang sumulpot sa tabi niya ang isang lalaki.

“Ikaw? Ano’ng ginagawa mo dito?” Lalo siyang nagulat nang mapagsino ito kaya napalakas ang kanyang boses nang tanungin din ito imbes na magpasalamat dahil may nag-alok ng tulong. Nakapamaywang siya sa sobrang inis. Mabuti na lang at may kalayuan ang kinaroroonan niya sa ibang campers na abala sa ginagawang camp fire.

“Teka lang, dapat pa nga magpasalamat ka at

may nag-alok na tumulong sa 'yo. Isa pa, malay ko ba na ikaw 'yan! Kung nakilala kita agad, hindi ako mag-aaksaya ng panahon na lapitan ka dahil ang sama ng ugali mo! At tungkol sa tanong mo kung ano ang ginagawa ko dito, nasa camping ground tayo pareho, di ba? Kaya dapat alam mo kung ano ang ginagawa ko dito," tila hindi apektado sa inasal niya na sagot ng lalaki.

“Nagbibiro ka ba? Hindi ka nakakatawa!”

“Wala akong panahon na makipagbiruan sa mga brats na katulad mo. Tanong, gusto mo bang tulungan kita na maitayo 'yang tent mo o piliin mong manigas sa lamig hanggang dumating ang pinapangarap mo na knight in shining armor?”

“Oo na.” Wala sa posisyon si Maureen para tumanggi sa inaalok na tulong ng estranghero dahil nanginginig na ang kanyang mga labi sa nadaramang lamig at wala siyang dalang jacket.

Wala pang limang minuto ay nakatayo na ang kanyang tent. Sobrang napabilib siya sa liksi ng kilos ng lalaki na para sa kanya ay antipatiko at ubod ng yabang. Kung hindi lang sana sa nakaka-bad trip na approach nito at sinabihan pa talaga siya kahapon na bumili ng salamin ay iisipin niya na napakaguwapo nito.

Not All Who Wander Are Lost - Sasha Margaux

“Salamat,” sabi ng dalaga sa flat na boses.

Mabilis na tumalikod ang lalaki palapit sa campfire na hindi man lang tinugon ang pagpapasalamat niya.

3

“Hi!” Isang babae ang lumapit kay Maureen paglabas niya ng tent matapos niyang ilagay ang dalang bag sa loob. Nakangiti ito sa kanya.

“Hi!” Gumanti rin siya ng ngiti.

“Baka gusto mong sumali sa amin na mag-barbecue? Ako nga pala si Linda.”

Inilahad niya ang kanang kamay rito. “Hello, Linda, nice meeting you. Ako si Maureen. Oo, gusto kung sumali. Kailangan ko bang bumalik sa reception para doon magbayad?”

“Huwag na. Sabihin na lang natin kay Gabriel ’tapos siya na ang mag-forward sa reception. Bayaran mo na lang pag sinauli mo na ’yang tent mo.”

“Okay, salamat sa imbitasyon.”

“Walang anuman. Mas marami, mas masaya.”

Magkasunod na naglakad ang bagong magkakilala patungo sa campfire.

Pagkatapos magpakilala ang bawat isa ay masaya at tulong-tulong ang lahat sa paghahanda sa kanilang

barbecue habang nagkukuwentuhan at nag-iinuman sa harap ng bonfire. Siyam silang lahat na nandoon, pero hindi niya makita sa grupo ang para sa kanya ay antipatikong lalaki na tumulong na maitayo ang kanyang tent. Ayaw niyang magtanong sa katabi na si Linda kung sino ito.

Palibhasa ang babae ang unang nakausap bukod pa sa ito talaga ang lumapit upang imbitahan siya na sumali sa grupo ay ito na rin ang lagi niya nakakausap at kadikit.

Ang mga magulang ni Linda ay parehong Pilipino na nakabase sa Scotland kung saan ipinanganak at lumaki ang babae, pero hindi nakalimutan ng mag-asawa na turuan ito sa sariling lengguwahe. Nag-umpisa di-umano itong maglakbay sa iba't ibang bansa kahit noong maliit pa lamang kasama ng mga magulang nito.

Nang tumuntong sa ikalabing-walong taong gulang ay nag-umpisang maglakbay nang mag-isa si Linda bilang backpacker. Sa kasalukuyan ay mahigit limampung bansa na ang napuntahan nito. Dalawang buwan na itong nananatili sa bansa at planong mag-extend pa ng isang buong buwan bago lumipad patungong Australia para sa susunod nitong adventure. Plano rin nitong magtrabaho sa

iba't ibang fruit-picking jobs doon upang matustusan ang pangangailanga sa susunod na destinasyon, ang Machu Picchu, sa bansang Peru.

Ang tatlo pa sa grupo ay magkakaibigan na sina Patrick, Glenn at Mark na kapwa taga-Luzon at bumibiyahe kung may pagkakataon. Samantalang ang dalawang couple ay sina Matilda at Björn na taga-Poland at sina Gladys at Caesar naman na taga-Iloilo.

“Matagal ka na rin bang backpacker?” tanong ni Linda sa dalaga.

“Unang beses ko pa lang ito ngayon.” Medyo nalito si Maureen sa isasagot dahil hindi niya alam sa sarili kung backpacker ba siyang matatawag. Ang alam niya sa pagiging backpacker ay para itong mga boys/girls scouts na laging handa. Samantalang siya, jacket nga lang ay nakalimutan pang dalhin. Ni hindi siya nag-review sa recommendation ng kaibigang si Chito, dahil ang gusto lang niya ay makita at makapag-explain sa dating kasintahan at maisalba sana ang kanilang relasyon.

“First but not the last one, sabi nga nila. Gusto kong mag-travel nang mag-travel balang araw pero sa ngayon, kailangang kumayod muna. Nakapunta na rin ako ng Australia nang dalawang beses. Noong una’y bumisita lang kami ng kapatid ko kay Mama

at sa stepdad namin.

“Pero noong pangalawang punta ko ay medyo matagal dahil graduate na ako noon sa kursong Nursing. Naipasok ako ni Mama sa ospital na pinagtatrabahuhan ng kaibigan niya. ”Tapos nakapag-Hong Kong rin kami isang beses. ’Yon lang. Sisiw na sisiw lang sa mga napuntahan mo na.”

“Magandang umpisa na ’yan. Bakit hindi mo naisipan na mag-apply ng resident visa sa Australia?” curious na tanong ni Linda.

“Balak ko na ngang bumalik doon sa lalong madaling panahon at mag-apply.” Hindi na niya ikinuwento pa kung bakit umuwi siya at ipinagpalit noon ang pag-apply ng visa dahil hanggang maaari ay gusto niyang kalimutan ang dating nobyo.

“Magandang balita ’yan. Pahingi ako ng email address mo at nang makapag-bonding tayo doon,” excited na pahayag ni Linda.

“Oo naman. Pahingi din ako ng sa ’yo. Napakasuwerte mo naman na sa edad na twenty-five, ang daming bansa na ang napuntahan mo. Ako’y twenty-three na pero dalawang bansa pa lang ang narating.” Amazed pa rin si Maureen sa bagong kaibigan. Pangako niya sa sarili, balang araw ay

maglalakbay siya at kahit kalahati lang sa mga bansa na napuntahan ni Linda ay okay na sa kanya.

Pumikit siya at iniusal sa sarili na balang araw pag naghilom na ang sugat sa kanyang puso at may sapat na siyang ipon, magkakatotoo rin ang kanyang matagal na pangarap. Ang mag-travel kasama ang taong mahal niya at magmamahal sa kanya nang lubos at tunay.

“Pinag-iipunan ko rin naman ang ginagastos ko simula noong una kong travel mag-isa. Sinisiguro ko na maging matipid habang nasa biyahe kaya nga mas pinipili ko ang manuluyan sa ganitong simpleng lugar kaysa tumuloy sa mamahaling hotel. Dito ako masaya. Pero balang araw, gusto ko rin namang bumuo ng sarili kong pamilya at magkaroon ng dalawang anak. Sa ngayon naglalakbay ako hindi para magtrabaho. Nagtatrabaho ako para makapaglakbay na ikinawindang ng mga magulang ko lalo na si Mama.”

“Naiintindihan kita, Linda. Mama ko rin naman ay alalang-alala nang malaman niyang hindi na ako babalik ng Australia noong umuwi ako dito para magbakasyon. Dapat din sana intindihin ng mga magulang natin na kailangan nating matuto at tumayo sa sariling mga paa, di ba?”

“Yan nga ang point ko. Sa tingin ko, papatay ako ng lamok para maging kaibigan kita. Cheers!” Natatawa si Maureen sa humor ni Linda, sabay nag-toast ang dalawa. Alam nilang pareho sa sarili na magiging mabuting magkaibigan sila.

“Kumusta ka naman diyan, Gabriel? Madalas ka rin bang bumiyahe?” tanong ni Linda sa kakarating na lalaki na may dalang mga kahoy para sa karagdagang panggatong.

“Noon bumibiyahe kami ng mga magulang ko, pero sa ngayon ay naging busy ako sa pag-aaral at dito sa *Sky Deck*,” sagot nitong hindi man lang tinapunan ng tingin ang babae.

Nakikinig lang si Maureen sa usapan ng dalawa at bahagyang lumaki ang butas ng kanyang ilong sa narinig mula mismo sa bibig nito. Ang lalaki na kanyang binulyawan kanina nang mag-alok ito ng tulong ay mukhang may-ari lang naman ng lugar. Nilubos-lubos nga talaga ang pagbibiro ng panahon sa kanya.

“Noong bata ka pa ’ika mo? Ilang taon ka na ba ngayon? Sa tingin ko kasi mukhang eighteen ka pa lang, and please take that as a compliment.”

“Come on, Linda. Akala ko ba rude ang magtanong

ng edad sa kapwa?” Noon lang ito tumingin sa dako nila at hindi matiyak ni Maureen kung nagbibiro ito o naiirita sa tanong ng bagong kaibigan.

“It’s rude to ask women in Europe about their age, that I know,” nagpapa-cute na sagot ulit ni Linda.

“I’m twenty-two,” anito, pagkuwa’y nagtanong sa lahat. “Anyone wants another drink?”

“Two double shots of whisky and a can of soda for me, please.” Si Linda pa rin ang unang sumagot na sinundan ni Maureen ng isang light beer para kahit papaano ay maibsan ang sobrang ginaw niya. Habang napagkasunduan naman ng iba pa na mag-share sa isang long neck na rum at 1.5 na soda para sa panghalo.

“Pakisamahan mo naman ako, pare, hindi ko kayang dalhin lahat.” Tumayo si Glen at sabay na naglaho ang dalawa sa paningin nila.

Nang wala na ang dalawa lalaki, nagsalita ulit si Linda. “Gusto ko talaga siya kaso mukhang bato yata ang lalaking ’yon. O baka sobrang pangit ko lang talaga sa paningin niya kaya lalo kong inaasar.” Bumungisngis pa ito.

“Ang weird mo. Kung talagang gusto mo siya, tigilan mong asarin ’yong tao, kasi para ka na ring

nagpapatiwakal niyan.” Since instant kaibigan na rin ang turingan nila sa isa’t isa, mabuting bigyan niya ito ng honest advice.

“Okay lang ’yan. Gusto ko siya pero hindi naman sa mahal ko na o pakakasalan kaya. Isa pa, ang ganitong strategy ay effective minsan. Maniwala ka sa akin.” Kumindat pa ito sa kanya.

“Sinabi mo, eh. Sino nga ba talaga ang Gabriel na ’yon?”

“Siya ang may-ari nitong lugar. Ideya niya di-umano ang ganitong concept ng busines na nag-umpisang mag-operate three years ago, although ang mga magulang niya ang bumili ng lupain. Pinay ang mama niya at Italyano naman ang ama. S’abi ng isang staff ay may bahay daw ang pamilya na nasa liblib na parte nitong lugar at may tumatao lang pag umuuwi sa bansa si Gabriel dahil sa Italy naninirahan ang mga magulang niya.

“Ang alam ko rin, kapatid ng mama niya ang namamahala dito tuwing wala siya, pero nitong semester ay sa Singapore siya mag-aaral bilang exchange student. Malamang mapapadalas ang uwi niya ngayon dahil malapit lang ang Singapore sa Pilipinas. Sana lang talaga ay ipagpatuloy niya ito at hindi gawing moderno ang lugar dahil maganda na

ang ganito,” pagbibigay-alam ni Linda.

“Sang-ayon ako sa ’yo. Pakiramdam ko rin ay napamahal na sa akin sa maikling panahon ang lugar na ’to. Siyanga pala, mukhang alam na alam mo na ang buhay niya, ha?” Natigil din bigla si Maureen nang makita na palapit na ang dalawang lalaki na may dalang mga inumin. “Anyway, it seems you already know everything about him,” mahinang sabi niya.

“Isipin mo naman, isang linggo na ako dito kaya siyempre may alam na rin kahit papa’no,” sagot nito sa mahina ring boses.

Tumango-tango si Maureen habang tinatanong ang sarili na kung isang linggo na si Linda sa *Sky Deck* at kilalang-kilala na nito ang lalaki, saan ito galing nang makaengkuwentro niya ito kahapon sa labas ng paliparan sa Cebu? Ang theory niya na kararating lamang nito mula Singapore ay mukhang malabo.

Alas onse na ng gabi pero tila wala ni isa man ang gustong matulog sa grupo. Hindi man naging masuwerte sa plano na mag-stargazing dahil sa makapal na ulap ay nagkasiyahan naman ang lahat sa napakagandang sorpresa, ang firefly watching.

Masaya rin ang bawat isa sa pag-share ng kani-kanilang mga nakaraang travels at sumali sa pagkanta habang si Patrick ang tumitipa sa gitara. Hinay-hinay na lang ang lahat sa pag-inom maliban kay Maureen na tanging isang light beer lamang ang ininom at mas ginatungan ang campfire para mabawasan ang ginaw.

Natigil ang lahat nang biglang sumigaw ang dalaga at sumiksik sa gitna ng lahat habang pigil na pigil sa pagtawa si Gabriel sa tabi ni Glen.

Sinundan agad siya ni Linda na nag-alala para sa kanya. Nang mga sandaling iyon ay katabi niya si Patrick. “Okay ka lang? Sa totoo lang, hindi ko talaga alam kung ano ang nangyari sa’yo.”

“Okay na ako. Pasensya na kayo, I j-just hate lightning,” nahihiyang paghingi ng paumanhin ni Maureen sa lahat maliban kay Gabriel na kahit halata na pinipigil ang pagtawa ay napapabungisngis pa rin.

“Pasensya na at hindi ko mapigilan ang tumawa, Maureen.” Mayamaya ay humingi ito ng dispensa na inirapan lang niya.

Gusto niya itong batuhin ng lata sa soda na katatapos lang ubusin ni Linda dahil sa sobrang inis, pero kumidlat ulit kaya lalo siyang nagsumiksik sa pagitan nina Linda at Patrick.

“Mukhang paparating na ang ulan, guys. Mas maganda siguro na magsipasok na ang lahat sa kanya-kanyang tents at sa mga hindi komportable na matulog dito sa ganitong panahon ay may mga double decks na laan sa bungalow,” inform ni Gabriel sa lahat.

“I think the tents look really strong so no problem for me and Matilda and besides, it would be fun sleeping under the rain,” sagot ni Björn habang tinititigan ang kasintahan. Sinegundahan ng iba ang sinabi nito maliban kay Maureen.

“It’s gonna be romantic, I know,” sagot ni Linda na nakatingin kay Gabriel.

“At ikaw, Maureen?” baling ng binata sa kanya.

“Salamat sa kunyaring concern mo, pero okay lang ako. Thanks,” sarkastikong sagot niya. Desidido siyang matulog kasama ng iba, pero sa loob-loob ay ipinagdasal din niyang sana may iba na gustuhing matulog sa bungalow para hindi masyadong nakakahiya na feeling VIP siya. Subalit tila hindi dininig ang kanyang panalangin dahil lahat ay gustong matulog sa kani-kanyang tent.

Bago mag-umpisang pumatak ang ulan na may kasamang kulog at kidlat ay nasa kani-kanilang tents

na ang lahat pagkatapos mag-good night.

“Just in case the lightning really bothers you and can’t sleep, I will be just right next to your tent if you need assistance,” pahabol na sabi ng binata na dinedma lang ni Maureen.

Hindi napanatag ang loob ni Maureen hangga’t hindi tumila ang ulan, kulog at kidlat. Kahit naka-full volume ang headset sa kanyang magkabilang tainga ay hindi man lang naibsan ang nadama niyang takot. Bandang alas cuatro ng madaling-araw na at antok na antok siya, pero wala siyang balak matulog dahil sigurado siya sa kanyang desisyon na lisanin ang lugar paglabas ng unang liwanag.

Habang hinihintay ang bukung-liwayway sa silangan ay hindi mapigilan ng dalaga ang umiyak nang maalala muli ang dating kasintahan. Iisipin pa lang niya na baka itong tent na kanyang hinihigaan ay siya rin palang ginamit ng lalaki kasama ng kung sinumang babae na mabilis na ipinalit sa kanya ay nadudurog na ang kanyang puso.

4

Dalawang taon ang lumipas buhat nang magtungo siya sa *Sky Deck*. Eksaktong dalawang buwan mula nang dumating si Maureen sa bansa galing Australia.

Nakatanggap ng email ang dalaga galing kay Linda na ang buong akala niya ay hindi na makikita pang muli. Dalawang taon at dalawang buwan na ang lumipas nang makilala niya ito sa *Sky Deck*. Buong akala niya ay naiwala nito ang iniwan niyang mensahe kasama ng kanyang email address sa reception dahil hindi ito nagparamdam sa loob ng dalawang taon until today. Hindi na kasi nagkita ang dalawa kinabukasan matapos ang kanilang barbecue party sa camping ground dahil nilisan niya ang lugar nang maaga sa sobrang takot sa sama ng panahon lalo na sa kidlat.

Tinanong siya ng babae kung nasa Australia na siya o nasa Pilipinas dahil darating ito sa susunod na linggo. Naimbitahan umano ito para maging hurado sa kauna-unahang *Glamping Festival* ng *Sky Deck* kaya inimitahan din siya nito na pumunta sakali mang nasa bansa siya. Agad naman itong pinaunlakan ni Maureen.

Nagbiyahe siya patungong Bohol para sa event. Bago siya dumerecho sa restaurant ay dumaan muna siya sa bahay ni Nanay Marcela malapit sa palengke upang kumustahin ang nakatatandang babae na tumulong noon sa kanya at ibigay ang kanyang pasalubong.

Dalawang taon ang lumipas at malaki na ang ipinagbago ng *Sky Deck*. Mayroon itong dagdag na attraction na malawak na taniman ng strawberry na tanaw ng dalaga pagbaba pa lang ng sasakyan na inarkila niya sa siyudad ng Tagbilaran. Mas mahal kasi ang charge kung may kasamang driver kaya minabuti niya na siya mismo ang magmaneho.

Lalo siyang namangha sa laki ng ipinagbago ng ngayon ay dalawang palapag at magarang restaurant.

Maging ang reception dati ay wala na sa tabi ng entrance niyon. Nagpalinga-linga siya at baka sakaling makita ang pamilyar na mukha ni Jenny.

“Miss Maureen?” Naunahan pa yata siyang makita ng hinahanap.

“Oo, ako nga ito, Jenny. Kumusta ka na?” Napansin niya ang umbok ng tiyan nito.

“Heto, kabuwanan na next month. Welcome back po. Gusto n’yo po ng maiinom o makakain?” magiliw

na tanong ng dating kakilala.

“Yong dati pa rin na cold lemongrass ginger tea. Thanks. Siyanga pala, wala ka na sa reception?”

“Wala na. Ako ang ginawang head supervisor ni Sir simula nang mag-decide siyang dito na manirahan full-time,” nahihiyang sagot nito.

“Wow, congratulations! Masaya ako para sa ’yo. Si Gabriel pa rin ang boss n’yo?”

“Salamat. Oo, si Sir Gabriel pa rin, at si Ma’am Linda.”

Namilog ang mga mata ni Maureen. “You mean sila talaga ang nagkatuluyan? Talaga naman ’tong babaeng ’to, wala man lang balita, yayanigin ka na lang bigla.”

Hindi na naipagpatuloy ng dalawa ang kanilang pag-uusap dahil tinawag si Jenny ng isang waitress. “Excuse po muna, Miss Maureen, kailangan yata ako sa itaas. Welcome back po ulit. Pakihintayin na lang po ang tea.” At tuluyan na itong naglaho sa paningin niya.

Mayamaya pa ay dumating din ang kanyang hinihintay.

“Hey, look who’s here. Ang babaeng takot sa

kidlat at nawawala rin na parang kidlat,” biro ni Linda, at sabay na nagyakap ang dalawa.

“I know. Pasensya na kung hindi kita hinintay na magising noon, pero mabuti at natanggap mo ang message na iniwan ko kay Jenny. Kahit pa nga inabot ng mahigit dalawang taon na bago ka nagparamdam,” pangongonsyensya niya sa kaibigan.

“Pasensya na kung hindi kita nakontak agad, pero lagi kitang naiisip. Kumusta ka na?”

“Mabuting-mabuti. Dalawang buwan na ako dito sa atin. Ikaw, kumusta?” excited na tanong niya.

“Heto, may asawa at anak na,” anito, sabay taas ng daliri na may suot na wedding ring.

“Talaga? Ano na’ng nangyari sa sinabi mo two years ago na magtatrabaho ka para makapaglakbay at hindi ang maglakbay upang magtrabaho? Balita ko kasi isa ka na sa may-ari nitong lugar.” *Talaga namang puno ng sorpresa ang buhay*, sa loob-loob ni Maureen.

“Pagmamahal at ang anak ko ang nagpabago sa pananaw ko dati. Hindi naman sa nagbago, as in ibang tao na ako ngayon. Siguro nag-mature lang. Heto na pala ang bundle of joy namin dito.”

Palapit sa kinaroroonan nila si Gabriel habang

karga nito ang napaka-cute na bata.

“Say hi to Maureen, munchkin.”

“Oh, my God, Linda! Parang kailan lang tayo huling nagkita at ngayon parang hindi pa rin ako makapaniwalang may anak ka na. Come here, baby.” Kinuha niya ang bata mula sa pagkakarga ni Gabriel.

“Ang bilis nga naman ng panahon. Her name is Vianna. By the way, naaalala mo pa si Gabriel, right?”

“Oo naman. Hi, Gabriel. Salamat sa imbitasyon ninyong dalawa. Na-miss ko 'tong lugar ninyo, promise.”

“Minus the lightning part, oo, naniniwala ako sa 'yo.” Sabay na nagtawanan ang dalawang babae habang si Gabriel ay tanging 'hi' lang ang nasambit pagkatapos ay nagpasintabi na may aasikasuhin.

Maraming tao ang dumalo sa nasabing festival at busy ang lahat kaya nagprisinta si Maureen na magbantay kay Vianna habang nakaupo kasama ng iba pang hurado si Linda. Naaliw siya sa bata at hindi nahirapan dahil may gatas naman na naka-ready sa stroller nito.

Nagsimula siyang mag-alala nang hindi niya

mapatahan sa pag-iyak ang bata kahit na binigyan na niya ito ng gatas. Palinga-linga siya kung may staff na puwedeng makatulong sa kanya, but to her dismay, busy ang lahat lalo at magtatanghalian na. Hindi rin nasabi kanina ng kaibigan niya kung may yaya ito. Pero kung mayroong tagapag-alaga si Vianna, imposibleng hindi nito hanapin ang bata lalo pa at abala ang mga magulang.

Finally, nakita niya si Gabriel kaya nilapitan niya ito habang karga ang bata na patuloy pa rin sa pag-iyak.

“Hi, Gabriel, mabuti at nakita kita. Ayaw tumahan ni Vianna. Baka hinahanap ka o si Linda.”

“Baka basa at kailangang palitan ang diaper. Come here, angel.” Kinuha nito mula sa kanya ang bata. “Pakitulak ng stroller kasi nandiyan yata lahat ng kailangan niya.” Tumalikod na ang lalaki habang naiwang nakatulala si Maureen. Nang mapansin ni Gabriel na hindi siya sumunod dito ay nilingon siya nito. Noon lang siya nagmadaling sumunod, tulak ang stroller.

Pumasok ang lalaki sa gated na parte ng lugar na akala ni Maureen ay simpleng public toilet ng mga turista, pero namangha siya nang tahakin nila ang walkway patungo sa isang magandang one-storey

house na may oval-shaped swimming pool at tila sadyang itinago sa lahat.

“Hindi ko akalain na may nakatago pala na ganito kamodernong bahay sa lugar na ’to.”

“Salamat. Sadyang itinago ito at isa pa, pa’no mo nga naman mapapansin ang bahay na ’to samantalang umalis ka nang hindi nagpaalam sa lahat, di ba?” ani Gabriel sa dalaga na ikinairita ng huli.

“Teka lang, magkaibigan ba tayo para sagutin mo ako ng ganyan?” Gusto niya sanang idagdag na napakalakas ng hangin dito, pero hindi niya itinuloy.

“Oo nga pala, pasensya na at nakalimutan ko.” Nakangiti ito nang lumingon sa kanya.

Imbes na sagutin ang patutsada ng lalaki ay kinalma ni Maureen ang kanyang sarili.

“Pakidala ng mga gamit ni Vianna dito sa loob.” Pumasok sa kabahayan ang lalaki pagkatapos mabuksan ang pinto.

“Bakit pa kailangang dalhin diyan ang mga gamit niya kung mayroon na sa loob?” pahabol na sagot niya habang nakatayo sa labas.

“Kung gawin mo na lang kaya ang sinabi ko.” Bumalik ito sa pintuan at sinilip siya sa labas.

“Ayoko nga. Kung makapag-utos ka, akala mo ang laki ng ipinasahod mo sa akin, stranger!” Hindi tuminag ang dalaga sa kinatatayuan sa labas ng bahay.

“S’abi ko nga paki, di ba?” Pinipigil ang inis sa boses nang magsalita ulit si Gabriel.

Kung hindi lang umiyak ulit ang bata na hanggang ngayon ay karga ng lalaki ay hindi sana siya papasok sa loob.

Kung gaano kaganda at inviting ang labas ng bahay ay mas lalong nakakalula ang ganda at disenyo sa loob pati ang mga mamahaling gamit. Kung hindi nagkakamali si Maureen ay ito ang sinasabi ng mga realtors na contemporary design at pinaka-in demand sa market ngayon.

“Nasaan ka ba?”

“Second room on the left.”

Pumasok siya sa isang kuwarto na walang tulak-kabigin sa ganda at napaka-feminine ng touch. Sa tingin niya ay hindi ito ang kuwarto ng bata dahil walang kagamit-gamit sa loob. Siguro ay guest room ng pamilya.

“Hey, Vianna...” Inilapag niya ang mga gamit ng bata.

“Jesus, baka p’wedeng ikaw na ang gumawa nito, please?” Imbes na tanggalin ay lalo pang pinagsalikop ni Gabriel ang diaper na suot ng bata.

“Ang alin?” Nagmaang-maangan ang dalaga. Alam niya sa amoy pa lang na dumumi si Vianna.

“C’mon, Maureen. Hawakan mo siya.” May pagsusumamo sa boses nito at alam niya na kung hindi niya hawakan agad ang bata ay baka mabitawan ito dahil tila bumaligtad ang sikmura ng lalaki.

“Ikaw ang tatay niya. Huwag mong sabihin na hindi mo pa nasubukan na palitan ang diaper niya?”

“Hindi ako ang tatay niya.” Hindi na kaya pang pigilan ni Gabriel ang nadarama kaya sumuka ito nang sumuka na ikinatawa nang malakas ni Maureen.

Habang pinapaliguan ang bata ay nakaramdam siya ng sundot ng konsyensya sa ginawang pagtawa. Napaka-insensitive niya para pagtawanan ang pobreng lalaki. Pero inisip niya na lang na patas na sila sa ginawa nito may dalawang taon na ang nakalipas.

Matapos bihisan si Vianna, kinarga niya ito at

lumabas ng silid upang hanapin si Gabriel. Nang walang senyales kung nasaan ito ay tuluyan siyang lumabas ng bahay. Karga niya sa kanang braso ang bata at sa kaliwa naman ay ang bag na pinaglagyan ng mga gamit.

“There you go. Ang bango mo na ulit.” Isinakay niya ito sa stroller nang mahagilap ng kanyang mga mata ang bulto ng katawan ng lalaki na bagong paligo at tuwalya lang ang tanging nakatapi.

“I guess bayad na ako sa pagtawa ko noon sa ’yo.” Lumapit ito sa bata at kinintalan ng halik sa noo. “See you later, angel.”

“Hindi pa lahat. Gusto kitang pagtawanan sa harap ng ibang tao.” Nakatuwaan niyang asarin ang lalaking sambakol na ang mukha kaya ngumiti siya ng ubod-tamis matapos sagutin ang sinabi nito, sabay alis para bumalik sa nagaganap na festivity.

“Managinip ka kung gusto mo pero hindi kita hahayaan na gawin ’yan.” Dinig ng dalaga ang pabalibag na pagsara ng pinto.

“Kanina ko pa kayo hinahanap.” Hinalikan ni Linda sa noo ang anak nang makita sila.

“Nasa CR lang kami. Kailangan kasing palitan ang diaper niya. Kumusta na dito?”

“Hay, mabuting-mabuti. Pagkatapos ng tanghalian ay ang group category at awarding ng mga winners. Hindi ko akalain na maraming pupunta ngayon pero heto, puno ang restaurant at camp ground. Sa bahay ka matulog mamaya.”

“Actually, kailangan kong isauli ang sasakyan na ni-rent ko ngayong araw na ’to. Baka sa susunod na lang ako magpalipas ng gabi sa bahay n’yo.”

“May contact number ka naman sa car rental, di ba? Tawagan mo na lang sila ’tapos sabihin mo mag-extend ka ng isang araw. Para na rin makapag-bonding tayo.”

“Naku! Pumirma ako ng kontrata sa kanila. Kailangang ibalik ko ang sasakyan ngayong araw,” giit ni Maureen. Masaya siyang nakita ulit si Linda, pero mas gugustuhin na niyang magpalipas ng gabi sa siyudad kaysa makita ulit ang para sa kanya ay maangas na, bipolar pa na business partner nito. Naintindihan niya na busy ang lalaki, ngunit magpakita man lang sana ito ng kaunting kagandahang-asal dahil hindi naman sila close at isa pa ay bisita siya ni Linda.

“Ano?” Hindi tumigil si Linda sa pangungumbinsi

sa kanya. “Minsan ka lang mapunta dito at mag-sleep over. Pag-isipan mo pero sa ngayon, puntahan natin ang iba pang bisita para sa lunch sa *The Sapa*.”

“Ano naman ’yang *The Sapa*?”

“Basta. Malapit lang iyon at alam kong magugustuhan mo rin doon.” Sabay na naglakad ang magkaibigan habang tulak ni Linda ang stroller ni Vianna.

“Hindi ko mai-describe sa sobrang ganda dito, super.” Nasa loob na sila ng restaurant at hindi mapigil ni Maureen ang sarili na lalong ma-in love sa ganda ng *Sky Deck*. Ang sapa ay Visayan word sa malinaw na tubig na dumadaloy mula sa gubat patungo sa kapatagan. Pero ang ginawa ng *Sky Deck* sa *The Sapa* ay beyond definition ng normal na sapa in a sophisticated way maging ang buong restaurant na kayang i-accommodate ang tatlong daang katao.

“Salamat. Ito ang unang project na inumpisahan namin pagkatapos maikasal.”

Pansamantalang natigil ang magkaibigan sa kanilang usapan nang lumapit ang isang pamilyar na lalaki na humalik sa noo ni Vianna na noon ay mahimbing na natutulog pagkatapos ay kinintalan naman nito ng halik sa labi si Linda.

“Bakit ang tagal n’yo? Gutom na ang lahat,” bungad ng lalaki samantalang pilit inalala ni Maureen kung saan niya ito nakita.

“Hinintay ko sina Maureen dahil kailangang palitan ng diaper ang anak mo. Siyanga pala, naaalala n’yo pa ang isa’t isa?” nakangiting tanong ni Linda sa dalawa.

“Hi, Maureen. Good to see you again.” Nakipagkamay ito sa kanya na agad naman niyang tinanggap.

“Patrick?” Nagulat si Maureen nang mapagtanto na ito pala ang napangasawa ng kaibigan niya.

“Siya nga. Naalala mo noong gabi na halos ipitin mo ang sarili sa gitna naming dalawa? Iyon ang umpisa ng aming love story,” kinikilig na lahad ni Linda.

“Hay, naku! Ihanda ko na lang ang sarili ko sa susunod na sorpresa.” Hindi pa kasi siya lubusang nakakabawi sa rebelasyon ni Gabriel na hindi ito ang tatay ni Vianna, heto na naman ang isa pa.

“Kaya dapat talaga dito ka magpalipas ng gabi.” Binalingan ng babae ang asawa nito. “Inimbitahan ko si Maureen na matulog sa bahay ngayong gabi, honey.”

“Walang problema, hon. Sa ngayon, kumain muna tayo dahil tiyak gutom na ang lahat.” Ang mahigit tatlumpung espesyal na bisita kasama ang limang kapwa hurado ang tinutukoy ng asawa.

Naglakad silang tatlo palapit sa lamesa. Pagkatapos alalayan ni Patrick ang dalawang babae sa kanilang mga upuan ay ipinuwesto naman nito sa pagitan nila ni Linda ang stroller kung saan tulog pa rin si Vianna.

“Naghihintay na ang lahat, pero nasaan si Gabriel?” Kagaya ng iniisip ni Maureen, ito rin pala ang unang napansin ni Linda.

“Ayan na pala siya.” Umupo ang bagong dating sa nag-iisang bakanteng upuan na nagkataong katapat naman ng inuupuan ni Maureen.

Matapos ang masaganang pananghalian ay nanatili ang magkaibigan sa restaurant habang nagkakape samantalang nagpaalam ang asawa nito na may aasikasuhin kasama si Gabriel.

“Ang saya siguro ng mama mo ngayon na nag-asawa ka na.”

“Sobrang saya ’ika mo. Umiyak nga sila pareho

ng papa ko nang umalis kami four days ago. Pero susunod sila para magbakasyon dito sa susunod na buwan.”

“Tbig mong sabihin, kararating n’yo lang talaga dito galing Scotland?”

“Actually, kagabi lang kami dumating. Nagpasya kami ni Patrick na magbakasyon nang magdesisyon si Gabriel na dito na tumira. Tatlong buwan rin kami sa Scotland kaya hindi ako nagsinungaling nang sabihin ko sa ’yo sa email na naimbitahan akong maging hurado ngayon.” Natatawa ito nang tumingin sa kanya.

“Alam kong may-asawa ka na pero itatanong ko pa rin, ano ang nangyari sa feelings mo sa kanya?” mahinang tanong niya.

“Kanino? Ah, si Gabriel? Parang nawawalang kapatid lang ang turingan naming dalawa. Pero ang sa amin ni Patrick ay ibang-iba. It was a slow process from appreciation to respect hanggang sa ma-realize naming pareho na gusto namin ang isa’t isa na later on ay na-develop into love.”

“Mukhang in love ka nga. Parang gusto ko na nga rin ma-in love habang nakikinig sa ’yo,” biro ni Maureen.

Marahan siyang tinampal ni Linda sa braso. “In love ka naman talaga. Nakikita ko sa mga mata mo,” ganting biro nito na may bahid ng katotohanan.

“Nakakatawa ka rin, ano! Wish ko lang pero hindi. Anyway, ikaw at ang love story ninyo ni Patrick ang gusto kong marinig kaya awat na.”

“Hmm... Pa’no nga ba nangyari ang lahat?” Kunwari ay nag-isip ito. “Yon nga, s’abi ko kanina ay nag-umpisa ’yon noong pumagitna ka sa amin. ”Tapos umalis siya kasama ng dalawang kaibigan makalipas ang dalawang araw pero bumalik siya. Umalis ulit siya habang ako naman ay nagdesisyon na manatili dito sa loob ng isang buwan. Ang nangyari, noon lang din umpisang naging friendly sa akin si Gabriel. Parang nawala ’yong inis niya sa akin nang malaman na may namamagitan na amin ni Patrick. Akala ko nga minsan, bading siya at insecure sa beauty ko pero huwag kang mag-alala, straight siya.”

“Ha? Bakit nasali na naman ako sa usapan?”

“Hindi naman literally you ang ibig kong sabihin. Anyway, bago mag-umpisa ang kanyang pag-aaral sa ibang bansa bilang exchange student ay na-diagnose na may cancer ang auntie niya at hindi na p’wede magpatuloy sa pamamahala dito eventually. Nag-volunteer ako na kung may tiwala siya sa akin,

p'wedeng akong manatili hanggang matapos ang six months na exchange studies niya. Makalipas ang anim na buwan, umuwi siya dito nang ilang linggo pero kailangan din niya bumalik sa Italy para maka-graduate. And to make the long story short, those six months turned into years and so far, everything is doing great until now," masayang salaysay ni Linda.

"Ibig sabihin hindi ka nagpunta ng Australia gaya ng pinaplano mo?"

"Hindi na. Naging busy na ako dito."

Kinailangan nang bumalik ni Linda sa venue, pero tulog pa rin ang anak nito. "I hate to say this, pero sana okay lang na sa 'yo ko pa rin ihabilin si Vianna. Pakihingi na lang sa waiter ang pagkain niya pag nagising. I really appreciate it."

"Sige na, tingin ko naman wala akong ibang choice." Sabay na nagtawanan ang magkaibigan at nauna nang lumabas si Linda ng restaurant matapos humalik sa anak nito habang naiwan si Maureen na nakamasid sa mala-anghel na mukha ng bata.